NANGUNGUNANG LINGGUHANG MAGASING PANTAHANAN SA BANSA

# LIWAYWAY

Abril 29, 2019



**TULA**

## SA MGA PANSAMANTALA

Ni LESTER MAY CASTILLO

**NOBELA**

## KUNG DUMATING ANG PAG-IBIG

Ni EFREN ABUEG

**BUKLAT/MULAT**

## MULING PAGSASALAYSAY NG KUWENTONG-BAYANG ISNEG

Ni DR. EUGENE Y. EVASCO

MANILA BULLETIN PUBLISHING
9 771165 698142
ISSN 1656-98-14

EESM BOOKSTORE
Telefax (02) 435-1862 / 930-9728
CP# 09052849354

# ARJO ATAYDE at JESSY MENDIOLA

Upang magkatrabaho o makabili ng kahit ano, atbp. Basahin – Manila Bulletin Advertisements & Classified Ads



Sumagi pa rin sa isip niya si Mike nang makapasok na siya sa kaniyang silid.

# Kung Dumating Ang Pag-Ibig

Ni EFREN ABUEG

(IKA-28 NA LABAS)

GIYAGIS ng kung anong pangamba, ibig na niyang magtapat sa kaniyang Lola Trudis ng mga nangyayari sa kanila ni Mike. Ngunit dumating ang doktor na nakangiting kinumusta ang matanda.

"*Cleared* na kayo, Lola," sabi ng doktor. "Maganda ang mga *test* ninyo. Iwasan n'yo lang na ma-*stress out* uli kayo. Makauuwi na kayo ngayon kung gusto ninyo. *Or rest here tonight and go home tomorrow morning!*"

Bigla ang dating ng kulay ng kasiyahan sa mga pisngi ng kaniyang Lola Trudis. Bigay na nginitian ang doktor.

"Doctor, *thank you. Feel* ko'ng *improvement* ko. Uuwi na ako *tonight*!"


Tinapik ng doktor sa balikat ang kaniyang Lola Trudis. Saka bumaling sa kaniya at nag-iwan ng mga salita.

"*Assist your* Lola, ha? *You'll enjoy her for so many, many years!*"

Alam ni Joyce na laging kinukumusta ng Mommy Lora ang kaniyang Lola Trudis *nurses' station*, kaya sa ilang minuto pa, kausap na niya ito sa kaniyang *cellphone*.

"*Yes,* Mommy, *please come. We are bringing home* Lola

# Muling Pagsasalaysay ng Kuwentong-Bayang Isneg




PINAKABAGONG lathala ng Lampara Books (2019) ang aking muling pagsasalaysay ng Ang Bangkang Tutong, isang kuwentong-bayan ng mga Isneg sa lalawigan ng Apayao, na may mga ilustrasyon ni Brent Sabas. Kasama ito sa aking serye ng retelling ng mga kuwentong-bayan ng bansa at iba pang panig ng daigdig. Ikaapat ito sa aming tambalan ni Sabas sa paglikha ng mga aklat pambata. Nauna na rito ang May Lakad Kami ni Tatay (Vibal, 2013), Ang Singsing-Pari sa Pisara (Lampara, 2014), at ang Si Haring Kuliglig at si Haring Leon (Lampara, 2018).


Tumatak sa aking isipan ang isang makulay na kuwento ng pagkakaibigan ng daga at ng ibon. May taglay na humor ang kuwento dahil ginawang bangka ng mga tauhan ang tutong mula sa nasunog nilang sinaing. Naisip ko, napakagandang larawan nito. Kung maiguguhit, tatatak agad ito sa isipan ng mga bata at maaalala nila hanggang sa kanilang pagtanda.

Bukod sa pagiging isang pabula, nagsisikap ang kuwento na maging isang alamat. Ipinapaliwanag nito sa mga bata kung bakit magkaaway ang mga daga at ang mga ibon hanggang sa kasalukuyan. Malaking bentahe rin ang mga tauhang hayop sa aklat dahil malapit ito sa interes o kinagigiliwan ng mga bata.

Sa muling pagsasalaysay, bukod sa pagbabahagi ng aliw, lagi kong layunin ang pagpapakilala ng kultura. Bibihira sa Pilipinas ang paglalathala ng mga aklat pambata batay sa pabula ng mga katutubo. Mas nanaisin pa ang paglalathala ng mga Aesop's Fables dahil sa popular ito at pamilyar sa mga guro at magulang. Sa Ang Bangkang Tutong, nais kong dalhin ang haraya ng mga mambabasa sa isang bayan ng Cordillera. Magagabayan ang kanilang imahinasyon sa guhit ni Sabas sa kasuotan, kagamitan, at kapaligiran ng mga Isneg. Makikilala nila na tulad ng maraming Pilipino, nakabatay ang kanilang buhay sa palay. May ilog din sa kabundukan na nagsisilbing patubig sa mga palayan.

Naibigan ko ang ilustrasyon ni Sabas para sa aming aklat dahil sa tiyaga at linis ng pagkakalikha. Nabanggit ko sa paglulunsad na natuklasan ko ang nasabing ilustrador sa kaniyang mga post sa Instagram. Makikita sa kaniyang account ang iba't ibang likha ng mga hayop na may katangiang pantao. Nasabi ko sa aking sarili na siya ang akmang tagaguhit ng aking serye ng mga pabula. Mahalaga na magtagpo ang interes ng awtor at ng ilustrador. Bawat paglikha ng aklat ay kolaborasyon ng dalawang manlilikha. Kadalasan, tungkulin ng tagapaglathala ang maghanap ng akmang ilustrador sa isang



Mga guhit ni Brent Sabas

manuskrito. Mapalad a binigyan ng kalayaan n Lampara Books na pum ng ilustrador sa bawat proyekto. Nang makita nila ang mga sample n likha ni Sabas, hindi na nagdalawang-isip na k siya para sa proyekto.

Nailunsad ang amin aklat para sa kauna-unahang Lampara Art Festival noong Marso 2 2019. Buong araw ang okasyong ito na binubu ng storytelling session manunulat na si Norm Boquiren. May isinaga ring mga workshop ang ilang miyembro ng Ang InK (Ilust ng Kabataan) gaya ng Clay Art Workshop ni Beth Parrocha at ng Story Stones Workshop ni Rev Cruz. Bukod sa isang paglulunsad, nagsagawa rin si Brent Sabas ng isang lektura kaniyang proseso sa pagguhit ng aming aklat. Nakatulong mga tagapakinig at sa mga dumalo na naka-exhibit sa gusa ng Precious Pages ang mga pahina o spread ng kaniyang m guhit.

Mabusisi ang prosesong pinagdaanan sa pagguhit. Tina ni Sabas ang pangkaraniwang pinagdadaanan bago malath ang isang picture book. Mahalaga ang paglikha ng characte studies. Ibig sabihin, paano niya lilikhain ang hitsura ng m pangunahing tauhan? Ano ang kanilang katangian batay s anyo? Ano ang kasuotan ng mga ito na magpapakilala rin s pinagmulang kultura ng kuwento. Nabanggit niyang sa un mga modernong kasuotan ang suot ng mga tauhang ibon a daga. Ngunit sa paglikha ng final artwork, nagpasya siyan

pagsuotin ang mga ito ng katutubong kasuotan ng mga Isneg. Mahalaga ang pananaliksik para sa isang ilustrador.

Mabusisi rin ang pagguhit niya para sa aklat na ito. Natuwa ang mga dumalo sa kaniyang panayam nang ipinakita niya sa maikling video habang siya ay umaawit habang gumuguhit ng bangkang tutong. Isa-isa niyang iginuguhit ang mga butil ng kanin, ang mga balahibo ng ibon at ng daga, ang mga dahon ng puno, ang mga dingding at atip ng mga tahanan, at ang daloy ng ilog. Agaw-pansin ang kaniyang paglahok ng sardinas bilang baon ng magkaibigang ibon at daga. Natuwa ako sa detalyeng ito dahil ang isang lata ng sardinas ay maituturing na luho ng mga katutubo sa kabundukan. Tradisyonal o likhang-kamay ang pagguhit niya sa mga imahen para sa aklat. Kalakasan ni Sabas ang pagiging madetalye sa pagguhit—marka ng tiyaga at respeto hindi lamang sa trabaho kundi sa kaniyang mambabasa.

Pagkaraang maiguhit ang mga imahen, kinulayan na ng ilustrador ang mga larawan sa tulong ng kompyuter. Aniya, ginawa niya ito upang mapakinabangan ang teknolohiya. Mababawasan ang pag-aaksaya ng papel kung sakaling magkamali sa pagkukulay gamit ang watercolor. Napahalagahan ko ang napiling paraan sa pagkukulay dahil lumitaw ang buhay at kinang ng mga imahen. Matingkad ang lumabas sa mga nakaimprentang pahina. Nagpapasalamat din ako na naging mainam na ang kalidad ng paglalathala ng Lampara Books. Hindi na ito mapusyaw o kaya'y waring kinulang sa tinta.

Isa sa mga naibigan ko sa ibinahagi ng ilustrador ay ang pagsaalang-alang sa espasyong laan para sa teksto. Dalawang teksto ang kailangang isipin ng ilustrador—ang orihinal na wika ng kuwento at ang salin. Mahalagang sa simula pa lamang at sa paghahanda ng thumbnails (o ang balangkas ng picturebook), naglalaan na ang ilustrador ng malaking espasyo para sa kuwento. Hindi naman kailangang blangko ang espasyong ito sa aklat. Maaaring ilagay ang teksto sa espasyo ng kalangitan, sa usok, sa loob ng bangkang tutong, sa ilog, o sa damuhan. Mahalaga'y walang nasasayang na espasyo at hindi nakokompromiso ang pagkukuwento sa pamamagitan ng mga guhit.

Bilang bahagi ng paglulunsad, tinanong kami kung ano ang aral na hatid ng aklat na ito. Hindi ko masisisi ang mga host ng okasyon dahil may mga bata at magulang na dumalo sa okasyon. Naisip kong hindi sapat ang aliw at ganda ng ilustrasyon sa pagbebenta ng aklat pambata. Dapat laging isaalang-alang kung ano ang pakinabang nito sa mga bata. Apat ang naisip ko. Una, huwag maging matakaw. Huwag kakainin o uubusin ang pagkaing nagbibigay-buhay at kaligtasan sa sinumang nilalang. Ikalawa, matutong isalba ang sarili. Alamin ang kahinaan at gumawa ng paraan upang hindi ito maging sanhi ng anumang kapahamakan. Ikatlo, pahalagahan ang kaibigan. Walang kaibigan na nais kang mapahamak ngunit may hangganan din ito. Sa huli, sarili ang magsisilbing pinakamatalik na kaibigan. At panghuli, na siyang pinakatampok na aral sa aklat, ay ang bisa ng pakikinig. Isa na ito sa kinakalawang na kasanayan ng mga tao. Matutong makinig sa mga anunsiyo, sa balita, sa panuto, at sa mga babala. Sa pamamagitan ng pakikinig, maiiwasan ang anumang aksidente o anumang masamang kapalaran. L

# Ipinaglaban ni Rizal

(Mula sa pahina 17)

José Rizal, 1961, pp. 47-49).

Hindi lámang ang politika ni Rizal ang nagbago kundi maging ang kanyang pagkatao at pananaw sa búhay. Hindi na siya ang kabataang nangangarap ng mga parangal, papuri, at pagwawagi. Hindi na niya hinahabol ang mga bulaklak at paruparong ito. Hinagilap na niya ang higit na seryosong pakikibaka.

Itinutulak na niya sa panahong ito ang mga Pilipino na umasam nang lalong mataas at angkinin ang mga bagay-bagay na siyang dapat maging silá: isang sambayanang may sariling pagkakakilanlan, asal, wika, at bansa—*na pawang malalaya lahat mula sa Espanya*. Isinasalang niya na ang muling pagtuklas ng kanilang kayamanan at kasaysayan, pagkalinga ng kanilang katangian at kagandahang-asal, at ang pagmamahal ng kanilang sariling wika ay ang mga saligan ng kanilang bago at nagsasariling bansang Pilipinas.

Paano matatamo ang kasarinlang iyon? Hiniling ni Rizal sa kaibigang Austriako na si Fernando Blumentritt na isulat ang paunang salita ng *Fili* bílang pinakabuod ng mga asam ng *Fili*. Isinulat ni Blumentritt ang ganito:

"Kagyat na matatanto na lihim na inaakit ng isang filibustero ang kapulungan ng mga prayle at kalaban ng kaunlaran, na sa walang malay na pagsunod sa itinitibok ng kanilang mga damdamin, ay natutulungan nila ang tangi niyang inaasam: ang ikalat ang mga ideya ng pag-aalsa sa buong bansa at hikayatin ang lahat ng mga Pilipino na wala nang iba pang nalalabing kaligtasan kundi ang pagkalas mula sa Inang-bayan" (*Ibid.*, p. vii).

Hinihikayat ng *Fili* ang mga Pilipino na dahil hindi na matatamo ang mga reporma, wala nang nalalabi pang mapagpipilian upang mapabuti ang kanilang búhay kundi ang yakagin ang mga mang-aapi tungo sa balon ng kanilang dugo at giting. Kung hindi sang-ayon si Rizal sa kasarinlan, hindi sana niya hiniling kay Blumentritt na isulat ang napakamapanganib na paunang salitang iyon.

Kasarinlan sa pamamagitan ng himagsikan, iyon ang ikalawa at huling pihit ng politika ni Rizal. Sa loob lámang ng apat na taon, mula 1887 nang mailathala ang *Noli* hanggang 1891 nang lumabas din sa limbag ang *Fili*, binago niyang lahat-lahat ang kanyang mga haka-haka at paniniwala.

Bilang karagdagan sa *Fili*, nais sana ni Rizal na magsulat pa tungkol sa pagkalas ng Pilipinas mula sa Espanya, subalit kitang-kita niya ang kapangyarihan ng mga kaaway niya na lalo pang lumakas. Kayâ, hindi siya magkikipaglaban nang harapan; tumahi siya ng ibang mga hakbang.

Itinatag niya ang *Liga Filipina* noong ika-3 ng Hulyo 1892, isang linggo matapos siyang bumalik sa Pilipinas. Hindi ito hihiling ng mga reporma o anupamang katulad na bagay mula sa pamahalaan, dahil nga naniniwala siyang lubusang paglustay lámang ng panahon ang pakikipagtalo sa mga Espanyol (*Pagsusulatan nina Rizal at Blumentritt*, Panandaang Taóng Palimbag, Maynila: Pambansang Komisyon ng mga Bayani, p. 325).

Ang isa sa mga layunin ng *Liga* ay ang pagbuklurin ang buong kapuluan bílang isang nagkakaisang lipunan. Hindi niya isiniwalat kung bakit hangad niyang mapagsanib ang mga Pilipino bílang isang samahang may sariling kairalan at kung ano ang gagawin nila kung napagkaisa na silá. Likas lámang na itago niya ang tunay niyang layon. May mga awtoridad na Espanyol na naroroong lagi sa lahat ng sulok. Kung ipinaalam niya ang tunay niyang layon, susupilin kaagad ng mga Espanyol ang *Liga*.

Ang *Liga* ay "magbubukas ng mga tindahan, pagawaan, kabuhayan, at iba pang kalakal," at bangko rin kung maaari upang maisagawa sa ganitong paraan ang pangunahing layunin nito na "mangalap ng mga pondong kakailanganin sa pagbili ng mga armas para sa darating na himagsik" (pahayag ni Jose Dizon, isa sa mga nadakip na pinuno ng Katipunan, sa harap ng mga awtoridad na Espanyol noong ika-23 ng Setyembre 1896, *Minutes of the Katipunan*, Maynila: National Historical Institute, 1978, p. 200).

Iyon ang tunay at lihim na layunin ng muling pagbabalik ni Rizal sa Pilipinas at ng pagtatatag niya ng *Liga*. Gagamitin ang samahang iyon sa pagkalap—sa pamamagitan ng komersiyo at industriya—ng mga kakasangkapanin para sa nalalapit na himagsikan.

Tuso ang mga Espanyol sapagkat apat na araw makaraang maitatag ang *Liga*, inaresto at itinapon nila si Rizal sa Dapitan.

Sayang at itinapon si Rizal sa Dapitan. Kung nabigyan lámang siya ng sapat na puwang, panahon, at kakayahan para sa kanyang mga adhikain, higit na marami sana siyang nagawa kaysa kina Andres Bonifacio at iba pang Katipunero. Mga tagapagtatag nang kasapi ng *Liga* sina Bonifacio, Jose Dizon, Ambrosio Rianzares Bautista, at iba pang manghihimagsik. Maaaring napamunuan niya nang personal ang mga ito sa buong kampanya noong 1896. Hindi napunta sa kamay niya ang pamumuno ng isang sandatahang himagsikan. Napunta ito sa ibang tao na ang mga alab panghimagsikan ay nilikha niya sa pamamagitan ng kanyang mga sinulat. L

# *Stranded* nina Arjo Atayde at Jessy Mendiola, isang naiibang RomCom

Ni MARICRIS VALDEZ-NICASIO

NAGHATID ng kakaibang saya at kilig sa *viewers* sina Arjo Atayde at Jessy Mendiola sa pelikulang *Stranded* na ipinalabas na kamakailan. *Feel good* kasi ang pelikulang ito ng Regal Entertainment, Incorporated na pinamahalaan ni Direk Ice Idanan.

*Star-studded* ang ginanap na *premiere night* nito sa SM Megamall. Bukod sa mga bida ritong sina Arjo at Jessy, *present* sa *event* ang *director* ng pelikula na si Ice, ang *mother and daughter tandem* nina Mother Lily Monteverde at Roselle Monteverde, sina Gretchen Ho, Mich Liggayu, Jerome Ponce, Direk Joey Javier Reyes, Enchong Dee, Ynez Veneracion, at iba pa.

Nandoon din si Luis Manzano na *very supportive* sa kasintahang si Jessy, at ang *equally supportive parents* ni Arjo na sina Ms. Sylvia Sanchez *and* Mr. Art Atayde.

Sa pelikula, na-*stranded* sina Spencer (Arjo) at Julia (Jessy) sa *building* na pinagtatrabahuhan ng huli nang abutan sila ng *signal* no. 4 na bagyo. Ang isang gabing pagsasama nila ay magiging sanhi upang magbago ang takbo ng kanilang kapalaran habambuhay, pati na rin ang kanilang *respective* na pananaw sa buhay.

Si Julia ay isang *old school,* na inakalang naplano na niya ang lahat ng gustong mangyari sa kanyang buhay. Ngunit sa kabila nito, ang matagal na napigil o naudlot na kalayaan na magawa ang kanyang pinapangarap na *bucket lists* ay napagtanto niya sa hindi inaasahang pangyayari isang gabi, sa pagka-*stranded* nila ni Spencer dahil sa isang *super typhoon.*

Sa kabilang banda, si Spencer na isang *happy go-lucky guy* na hindi nagseseryoso sa buhay, pati na sa pag-ibig, ay nadiskubre ang kakaibang bagay sa kanyang sarili nang makasama niya sa isang espesyal na magdamag si Julia. Isang magdamag na may kung anong hatid na kakaibang *magic* para sa kanilang dalawa.

Ang dalawa kayang nilalang na may salungat na pananaw sa buhay ay magkasama at maglakas-loob na makipagsapalaran sa inaasam na kaligayahan o *happy ending* sa kanilang buhay?

Sa kanyang unang *romantic movie project* na ito, inamin ni Arjo na masaya siyang maging *leading man* ni Jessy sa kakaibang uri ng *love story.*

*"I'm very, very thankful… so thankful* din na sa unang pagkakataon, *I'm coming out in a different kind of genre* naman. *This is a love story-ish. It's a different genre* pero kaibigan ko si Jessy, *so it was really easy working with her and* direk Ice (Adanan) *also.*

"Sobrang kakaiba ito. *This is a new step for me to show people if I can make them fall in love this time,"* sambit ng guwapitong anak ni Ms. Sylvia Sanchez.

Sinabi rin ni Arjo na parte ng kanyang *wish list* sa *showbiz* na makagawa ng proyektong tulad nito.

Pahayag naman ni Jessy, "Sana po buhayin natin ang industriya natin, sana po suportahan natin ang pelikulang Pinoy, sana po suportahan natin ang sariling atin… *so, please guys support us. Thank you so much for being here tonight,* sabay-sabay tayong mag-*enjoy* sa Stranded."

Ang Stranded ay Graded-B ng Cinema Evaluation Board at Rated PG ng MTRCB.

Tampok din dito sina Miko Raval, Mich Liggayu, Miggy Marty, Pinky Amador, Johnny Revilla, Ara Altamira, at iba pa. L



# SA MGA PANSAMANTALA



Mga estranghero tayong
naligaw sa paghahanap,
sa ating mga sarili

at natagpuan ang isa't isa,
sa gitna ng masalimuot
nating pagkawala.

Naluluma ang mga bagay,
ngunit hindi ang mga alaala,
ang damdamin – hindi ito
naluluma, o naglalaho.

Marahil, natututunan lang
ng puso ang magpatawad,
o mag-antay, o tumanggap
ng mga pagkabigo't pagkatalo.

Ikatutuwa mo ba kung
hindi ako magpapatawa,
at sasabihin kong, siguro
mahal pa nga kita – pero

hindi na sapat-sapat na
pagmamahal?

Hindi na buo para muling
tumanggap, sa mga matagal nang
lumisan, at muling nagbabalik,
o lagi lang sigurong nariyan?

Mga estranghero tayong,
bagahe ang mga kalungkutan,
at binitbit, pinagaan, sinalo
ang isa't isa, hanggang sa

mahanap muli ang daan
pabalik, sa tunay na iniibig.

May saglit na galak, sa
pansamantalang mga pagkaantala.

Sa mga pansamantala,
may walang hanggan,
kahit na panandalian.

**- LESTER MAY CASTILLO**